Ang Pagpili ng mga Propesyonal na Serbisyo

Ang paggamit ng mga propesyonal na serbisyo ay mahalaga sa tagumpay ng isang maliit na negosyo. Ang mga propesyonal ay maaaring magbigay ng kaalaman at expertise sa mga bagay na hindi mo gaanong nalalaman. Maaari rin nilang kausapin ang iyong management team upang masigurado na mahusay ang pagpapalakad sa iyong negosyo.

Bilang isang negosyante, may apat na mga pangunahing bahagi ng mga propesyonal na serbisyo na maiging konsultahin: accountant, abogado, banker at insurance broker.

Mag-ingat kapag pumipili ng propesyonal na tulong. Maghanap ng isang tao na sa pakiramdam mo'y madali mong makakasama. Kapag naghahanap ng mga pangalan, tanungin ang mga kapamilya, mga kaibigan, mga kakilala sa negosyo, at konsultahin ang business pages ng iyong direktoryo.

Para sa mga pangunahing meeting, maghandang ipaliwanag ang iyong sitwasyon at kung ano ang hinahanap mo. Tanungin kung anong mga serbisyo ang ibinibigay ng kompanya at kung paano ito makakatulong sa iyo. Huwag kalimutang tanungin kung magkano ang sinisingil ng kompanya para sa mga serbisyo nito.

Kapag Pumipili ng Isang Accountant

Ang mga accountant ay highly trained professionals na may nalalaman sa mga business record, mga pinansiyal na bagay, at iba pang mga aspeto ng pagpaplano at pagpapalakad ng isang negosyo. Magagawa ng mga accountant ang:

- matulungan kang gumawa ng isang business plan at magbigay ng pinansiyal na payô;
- payuhan ka tungkol sa anyô ng organisasyon ng negosyo na pinakamahusay para sa iyo;
- gawin ang iyong bookkeeping at/o magbigay ng bookkeeping training;
- ihanda ang iyong financial statements at ipaliwanag ang mga ito;
- ihanda ang corporate at income tax returns at iba pang impormasyon na kinakailangan ng gobyerno.

Ang hourly fees ay maaaring mag-iba-iba depende sa uri ng trabaho, kung gaano kahirap ang trabaho, at kung gaano karami ang nalalaman ng accountant.

Kung kailangan mo ng isang tao para lamang mag-update sa iyong financial books, pag-isipan ang kumuha ng isang bookkeeper. Maaaring lumabas na mas mura ito.

Nakalista sa ibabâ ang mga uri ng professional accountants.

- Chartered Accountant (CA)— espesyalista sa taxation, sa paggawa ng mga pangkalahatang financial reports para sa mga panlabas na tagagamit at paghanda ng mga financial forecast para sa management at external auditing.
- Certified Management Accountant (CMA)— espesyalista sa paggawa ng panloob na impormasyon tungkol sa gastos sa produkto o serbisyo ng kompanya, na makakatulong sa management sa kanilang pagpapasiya.
- Certified General Accountant (CGA)— espesyalista sa financial accounting, external auditing, at small business taxation at consulting.

Kapag Pumipili ng Isang Abogado

Ang mga abogado ay highly trained professionals na nag-uukol ng pansin sa iba't-ibang mga legal na bagay na pampersonal at pangnegosyo. Kadalasang espesyalista ang mga abogado sa isa o higit pang mga bahagi ng praktis.

Kung ang inyong mga legal na problema ay limitado sa isang ispesipikong bahagi lamang, ang maaaring pinakamaiging gawin ay ang makipag-usap sa isang abogado na espesyalista sa bagay na iyon. Maraming mga pangnegosyong transaksyon na may mga legal na implikasyon, kaya subukang maghanap ng isang abogado na mapapagkatiwalaan mo bilang isang tagapayo sa negosyo.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng isang abogado, mangyaring tawagan ang numero para sa iyong province o territory.

Alberta	1-800-661-1095	
British Columbia	1-800-663-1919	
Manitoba	1-800-262-8800	
New Brunswick	1 (506) 458-8540	
Newfoundland at Labrador	1 (709) 722-2643	
Northwest Territories	1 (867) 873-3828	
Nova Scotia	1-800-665-9779	
Nunavut	1 (867) 979-2330	
Ontario	1-800-268-8326	
Prince Edward Island	1 (902) 566-1666	
Quebec	Montreal	1 (514) 866-2490
	Quebec	1 (418) 529-0301
	Gatineau	1 (819) 777-5225
	Longueuil	1 (450) 468-2609
	Laval	1 (450) 686-2958
	Laurentides Lanaudière	1 (450) 752-6774
Saskatchewan	1-800-667-9886	
Yukon	1 (867) 668-4231	

Sa ilang provinces at territories, ang numero ay mahahanap sa local business pages sa ilalim ng Lawyer Referral Services.

Ang ilang mga payô na maibibigay ng mga abogado:

- tulong sa pagpili ng tamang legal na anyô na tama para sa iyong negosyo;
- tulong sa paggawa ng dokumentasyon para sa negosyo;
- tulong sa pag-unawa at pag-obserba ng zoning laws at mga legal na pangangailangan sa iyong lugar;
- tulong sa pagsunod sa regulasyon ng gobyerno at record keeping;
- tulong sa pagdibelop ng mga kontrata sa mga landlord, mga supplier, mga customer, atbp.;
- tulong sa pag-unawa at pag-aasikaso sa mga lease.

Ang hourly fees o mga singil ay nag-iiba-iba depende sa abogado, depende sa kung gaano kakomplikado ang mga isyu, ang mga serbisyong kinakailangan, at kung gaano karami ang nalalaman ng abogado.

Kapag Pumipili ng Isang Banker

Ang iyong commercial banking ay kailangang piliin nang maigi at ito ang pagbabatayan ng pangmatagalang pakikipagtrabaho. Mas mahirap at mas magastos ang magbago ng bangko para sa isang business account kaysa sa isang personal account dahil mas customized ang mga pangkomersiyong serbisyo at mas matagal itong mapagkasunduan.

Ang ilan sa mga dahilan kung bakit pinipili ng mga indibidwal ang isang bangko para sa mga personal na pangangailangan ay angkop din para sa mga pangangailangan sa negosyo. Dapat mong pag-isipan ang presyo, kalidad, attitude, reputasyon, serbisyo, convenience, kaligtasan, at reliability.

Ito ang ilang mga mahalagang factor na dapat tandaan ng isang business manager kapag pumipili ng isang banker.

- Attitude sa iyong negosyo— Interesado ba sila sa iyong mga problema? Aktibo ba sila sa komunidad? Interesado ba sila na makipag-ugnayan?
- Credit services— Nagbibigay ba ang branch ng operating loans, term loans, letters of credit, guarantees, franchise financing, leasing, at government guaranteed loans?
- Kung gaano kalaki ang bangko at ang management policies nito—Nasa loob ba ng kanilang limit ang iyong mga pinakakinakailangan? Gaano iniisip ng banker ang pag-unlad at ang kayamanan ng iyong komunidad?
- Cash management service— Paano natutugunan ng portfolio ng mga serbisyo ng bangko ang iyong mga pangangailangan? Mga serbisyong dapat isipin: automated payrolls, payment distribution, paglipat ng funds, lock boxes, at 24 oras na pagdeposit.

Mabuti ang makipagkita muna sa mga maaaring magpahiram. Maaari mong sabihin ang iyong mga pangkalahatang plano at malaman ang mga pangangailangan ng nagpapahiram na institusyon at ang mga serbisyo nito. Upang magtatag ng magandang relasyon sa nagpapautang, mahalaga ang magpakita ng kompiyansa sa iyong kakayahan. Planuhin nang maaga ang iyong proyekto at bigyan ang nagpapahiram ng panahon upang pag-isipan ang iyong business plan.

Ang mga bangko ay karaniwang hindi magpapautang sa iyo ng 100% ng iyong start up financing. Ang iyong bangko ay isang nagpapautang, hindi isang may-ari o shareholder ng iyong negosyo. Hihilingin ka ng bangko na mag-invest ng bahagi ng iyong sariling pera upang ipakita ang iyong commitment.

para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng isang banker, bisitahin ang www.cba.ca/.

Kapag Pumipili ng Isang Insurance Agent

Ang insurance ay isang mahalagang bahagi ng pinansiyal na pagpaplano. Maliban kung handa kang magbayad mismo para sa mga kalamidad at mga lawsuit sa negosyo, kakailanganin mong mangonsulta ng isang insurance agent at bumili ng insurance.

Baka hindi mo nalalaman ang iba't-ibang mga uri ng mga kalamidad sa negosyo na maaaring mangyari sa iyong negosyo. Trabaho ng iyong insurance agent ang iakma ang isang polisiya na pinakatumutugma sa iyong mga pangangailangan. Eto ang ilang mga halimbawa ng insurance coverage na magproprotekta sa iyo kapag may claim.

- Personal liability— nagproprotekta laban sa mga claim na ginawa ng mga taong nasaktan sa iyong lugar.
- Product liability— nagproprotekta laban sa mga habla ng customer na nasaktan habang ginagamit ang iyong produkto.
- Fire— magbibigay sa iyo ng pagkakataong magtayo muli o ayusin ang lugar na kinaroroonan ng negosyo at palitan ang equipment at imbentaryo kung magkasunog.
- Automobile— prinoprotektahan ang iyong sasakyan habang ginagamit para sa negosyo.
- Disability— magbibigay ng income sa panahon kung kailan hindi ka makapagtrabaho.
- Business interruption— nagbibigay ng kompensasyon para sa nawawalang kita kapag pansamantalang hinintô ang negosyo dahil sa malaking kalamidad tulad ng sunog, tornado, baha, atbp.
- Life— nagbibigay ng proteksyon laban sa nawawalang kinita dahil sa iyong pagkamatay o malubhang pinsala.
- Workers' Compensation— sinasakop ang paggamot sa mga pinsala at nawawalang kinita na may kinalaman sa mga aksidente ng empleyado o sakit habang nasa trabaho.

- Crime/Theft— ibinabalik ang halaga ng nawala dahil nanakawan, pinasukan, pagdaya ng empleyado.
- Bonding— sinsigurado ang proteksyon para sa matapat na pangangatawan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng isang insurance agent, bisitahin ang www.ibac.ca/.

Maaari kang i-link ng Canada Business sa mga pangkomersiyong organisasyon na nagbibigay sa mga kliyente ng libreng impormasyon o mga serbisyo na magagamit ng isang negosyo, kapag ang ganoong impormasyon ay hindi makukuha mula sa mga site na hindi pangkomersiyo. Ang Canada Business Webmaster ang magpapasiya tungkol dito. Gayunman, maaaring may mga karagdagang commercial resources at links tungkol sa paksâ na ito sa Web.

Ang Canada-Ontario Business Service Centre (COBSC/CSECO) ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa pagnenegosyo sa Ingles at Pranses, ang mga opisyal na wika sa Canada. Ang mga kopya ng ilan sa aming mga pinaka-makakatulong na dokumento ay isinalin sa ibang mga wika. Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon sa pagnenegosyo, mangyaring tumawag sa 1-888-576-4444 upang makausap ang isang COBSC/CSECO Information Officer.